BOARD of SUPERVISORS

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244
San Francisco, CA 94102-4689
Tel. No. (415) 554-5184
Fax No. (415) 554-5163
TDD/TTY No. (415) 554-5227

# PAALALA SA PAMPUBLIKONG PAGDIDINIG

## LUPON NG MGA SUPERBISOR NG LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

## PANUKALANG PAGBABAWAS SA SERBISYONG PANGKALUSUGAN SA PISKAL NA TAON NA 2024-2025 AT 2025-2026

IPINAPABATID PO NA ANG Lupon ng mga Superbisor ng Lungsod at County ng San Francisco, na kikilos bilang buong komite, ay magsasagawa ng pampublikong pagdidinig para isaalang-alang ang mga sumusunod na panukala at ang pagdidinig ay gagawin sa susunod na paraan, kung saan lahat ng interesadong partido ay maaaring dumalo at magpahayag ng kani-kanilang panig

**Petsa:** **Martes, Hunyo 25, 2024**

**Oras:** **3:00 p.m.**

**Lugar:** **Legislative Chamber, Room 250, sa City Hall**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA**

**Paksa:** **File No. 240630.** Pagdidinig sa badyet ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) na kung saan ay mababawasan ang mga serbisyong medikal at pangkalusugan na hatid ng Lungsod at County ng San Francisco para sa taong piskal na 2024-2025 at 2025-2026, alinsunod sa California Health and Safety Code, Section 1442.5(a) (The Beilenson Act).

Sa pagdidinig na ito, tatalakayin ng Lupon ng mga Superbisor ng Lungsod at County ng San Francisco ang magiging bunga ng panukalang pagbabawas sa serbisyong medikcal na hatid ng mga pasilidad ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga pampublikong pagtestigo, nakasulat man o binigkas, ay tatangapin sa nasabing pagdidinig.

Inihanda ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa San Francisco ang kalakip na listahan nga mga panukalang pagbawas sa badyet na dapat sumailalim sa isang Beilenson Hearing, kung saan kasama dito ang mga serbisyong medikal mula sa mga pasilidad ng Lungsod at County ng San Francisco. Bagamat sa ilalim ng Health and Safety Code, Section 1442.5(a), dapat lamang iulat ang mga pagbabawas sa mga serbisyong medikal mula sa mga pasilidad ng County at hindi na kinakailangan mag ulat para sa mga pagbawas sa larangan ng pag-aaral tungkol sa kalusugan (health education), pag-iwas sa sakit (prevention), at

serbisyong pakikipag-ugnayan (outreach), isinama ng Kagawaran sa Pampublikong Kalusugan ang naturang mga panukalang pagbabago sa listahan. Ang mga bagay lamang sa unang seksyon ng listahan ang kinakailangang isama sa pagdidinig, gayunpaman, lahat ng mga nasa listahan ay isasaalang-alang sa pagdidinig. Ang mga karagdagang impormasyon sa panukalang pagbabawas ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran sa Pampublikong Kalusugan sa (415) 554-2600.

Alinsunod sa Administrative Code, Section 67.7-1, ang mga hindi makakadalo sa pagdidinig sa paksang ito ay maaaring magpadala ng kanilang mga nakasulat na komento hangang sa sandaling matapos ang pagdidinig. Ang mga komentong ito ay gagawing bahagi ng opisyal na pampublikong rekord at ipapadala sa mga Superbisor para maitawag sa kanilang pansin. Ipadala po ang mga nakasulat na komento kay Angela Calvillo, Klerk ng Lupon, City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244, San Francisco, CA, 94102 o kaya naman po ay ipadala gamit ang email (bos@sfgov.org). Ang mga karagdagang impormasyon patungkol dito ay makikita sa Tangapan ng Klerk ng Lupon ng mga Superbisor o kaya naman po ay sa Legislative Research Center (https://sfbos.org/legislative-research-center-lrc) ng Lupon ng mga Superbisor. Ang Adyenda kaugnay sa pagdidinig ay ihahanda para sa kaalaman ng publiko sa Biyernes, June 21, 2024.

Para sa anumang katanungan tungkol sa pagdidinig na ito, mangyaring makipag-ugnayan po sa aming tangapan sa bos.legislation@sfgov.org o tumawag po sa (415) 554-5184.

Angela Calvillo
Clerk of the Board of Supervisors
City and County of San Francisco

ams:jw:ll

DATED ~ POSTED ~ POSTED ON-SITE: June 10, 2024